AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## GAMES
Activity 28

| **Pambungad** |
|---|
| *Kumusta, kaibigan? Alam niyo ba na ang paggalaw ng katawan ay nakakabuti sa inyong mga utak? Lahat ng ating mga sakit dito at sakit doon ay mawawala! Ready na ba makipaglaro kasali ang ating buong pamilya?* |

| **Games - Activity 28** |
|---|
| Title: Kuneho Race |
| Content Creator: Beena K. Uttam |

Magandang buhay! 🔅 Si Teacher Beena ito! 💁🏻‍♀️ Kamusta naman kayong lahat?

🏡 Ang hirap ng nasa bahay lang! Mga nanay, alam niyo po ban a natural sa mga bata na hindi makaupo ng matagal sa isang lugar? 🤩

Ang kanilang mga utak ay nabubuo at natututo tungkol sa mundo sa pamamagitan ng paggalaw, pakikipagusap, paglalaro, at sa madaming pisikal na laro. 🏀 🏓

🔅 Ang mga galaw natin para sa araw na ito ay ay mga galaw ng hayop. Ready na ba?

🔅 Sa araw na ito ay magkakaroon tayo ng contest! Sa ngayong araw na ito ay tatalon tayo na parang isang kuneho! 🐰 🐇

🔅 Tumalon tayo papunta sa isang lugar sa ating bahay.
🔅 Ang gagawin natin ay magbibilang kung ilang talon para makaabot sa kabilang dingding.

🔅Mga bata, siguraduhin na kasama si nanay at tatay sa paglaro!

🔴🟡🟢Ready, get set, go!

❓ Napagod ba tayo?
❓ Sino ang nanalo?

🔅Naku, sana hindi napagod masyado si nanay at tatay! Pero wag mag-alala kasi exercise yan! Mabuti sa katawan at nakakabata!👨‍👩‍👧‍👦

🔅Pagkatapos tumalon talon na parang isang kuneho, yakapin ang isa't- isa at magpasalamat na lahat tayo ay malakas at nakapaglaro ng isang game!👨‍👩‍👧‍👦

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."